IMPORMASYON PARA SA MGA BIKTIMA NG KARAHASANG PANTAHANAN AS. 18.65.515

(Pakipindot lamang dito upang makuha at mabasa sa PDF na porma)

*** Ang Mga Pulis Opisyal Ay Nakahandang Tumulong**

* Kung ikaw ay biktima ng karahasang pantahanan, at nagresponde ang pulis upang ikaw ay tulungan, sila ay naatasan ng batas na basahin ang ilang bahagi ng libritong ito sa iyo. Ang mga impormasyong ito ay may tanda o tatak kasunod ng titulo. Ang mga karagdagang impormasyon ay sinulat para sa iyong kabutihan.

* Kung ikaw ay biktima ng karahasang pantahanan, at kung sa iyong paniwala ay kailangan mo ng proteksiyon na mula sa pulis, ikaw ay may karapatan na humingi ng tulong para sa iyong kaligtasan, kasama na ang paghiling ng madaliang utos para sa iyong proteksiyon.

* Maaari ka ring humiling sa pulis na tulungan ka upang makakuha ng mga mahahalagang pansariling kagamitan kagaya ng mga damit, sabon, sepilyo, o mga gamot mo at/o ng iyong anak/mga anak, kasama na ang paghahanap at pagdadala sa ligtas na lugar, gayon din ang pagtatalaga ng tagpuan o tuluyan, tahanan ng mga

kamag-anak o kaibigan, o kutulad ng ligtas na lugar.

* Kung ikaw o ang iyong anak/mga anak ay nangangailangan ng lunas sa karamdaman, maari mong hilingin sa pulis na makakuha ng lunas at ng manggagamot.

* Ang programang karahasang pantahanan ay makadaragdag sa pagsisikap ng mga pulis upang makapagbigay ng ligtas na tuluyan, tulong, at mga iba pang kapakinabangan. Ang ilan sa mga ito ay nakatala sa “Ang Programang Pantahanang Karahasan ay Nakahandang Tumulong.”

*** Ang Korte Ay Nakahandang Tumulong**

Ikaw ay mayroon din namang karapatan na magharap sa hukuman ng petisyon na humihiling ng utos pamproteksiyon at maaaring idagdag ang mga sumusunod na probisyon:

1. Pagbawalan ang taong sa iyo’y lumapastangan mula sa kanilang pananakot at maging sa patuloy na pag-gawa ng karahasang pantahanan.

2. Pagbawalan ang taong sa iyo’y lumapastangan mula sa pagsubaybay o pagsunod-sunod, pambubuwisit, pagtawag sa telepono, o ano mang uri ng pag-uusap maging tuwiran o di tuwiran.

3. Paalisin sa inyong tahanan ang taong lumapastangan sa iyo.

4. Pag-utusan ang taong sa iyo’y lumapastangan na lumayo sa iyong tirahan, paaralan, pinagtatrabahuhan, o alin mang lugar na naitala na ligtas para sa iyo o sino mang kasambahay.

5. Pagbawalan ang taong sa iyo’y lumapastangan mula sa paggamit o pagpasok sa iyong sasakyan o sinasakyan.

6. Pagbawalan ang taong sa iyo’y lumapastangan mula sa paggamit o pagkakaroon ng armas na nakamamatay.

7. Pagsabihan ang taong sa iyo’y lumapastangan na isuko ang ano mang baril na pag-aari, kung mapapatunayan ng hukuman na ang nasabing tao nga ay may hawak o pag-aaari ng baril sa mga sandaling ikaw ay nilalapastangan.

8. Pakiusapan ang pulis opisyal na ikaw ay samahan sa iyong tirahan upang matiyak na ikaw ay ligtas sa iyong pag-babalik sa tirahan, pag-kuha sa sasakyan, o iba pang mga gamit (kahit sino pa man ang may-ari), o dili kaya'y ang matiyak na ligtas ka habang kinukuha mo ang pansariling kagamitan mula sa tinitirahan.

9. Bigyan ka ng pansamantalang karapatan na kupkupin ang batang wala pa sa sapat na gulang (menor de edad) at magtalaga ng araw ng pagdalaw kung ang kaligtasan mo at ng bata ay may katiyakan.

10. Pagbawalan ang taong sa iyo'y lumapastangan na gumamit ng ipinagbabawal na gamot o kemikal.

11. Atasan o itagubilin sa taong lumapastangan sa iyo na bayaran ka ng suporta at ang batang iyong kinukupkop.

12. Atasan o itagubilin sa taong lumapastangan sa iyo na ibalik ang perang nagastos mo na sanhi ng karahasang pantahanan, kasama na dito ang bayad sa pagpapagamot at mga gamot, o gastos sa pagkuha ng utos pamproteksiyon.

13. Atasan ang taong sa iyo'y lumapastangan na magpalista sa isang pag-aaral o programa na aprobado o pinagtibay ng Kagawaran ng Pantuwiran (Department of Corrections).

14. Iba pang mga bagay na sa palagay ng hukuman ay kakailanganin para sa iyong kaligtasan.

*Mga Utos Pamproteksiyon

Ang mga papeles na iyong kakailanganin upang makakuha ng utos pamproteksiyon ay maaaring makuha o mahingi sa pulis o sa pinakamalapit na hukuman. Hindi kinakailangan ang manananggol o abogado upang makakuha ng utos pamproteksiyon, subalit maaari kang humingi ng payo sa isang manananggol o abogado kung iyong pipiliin.

Kung nais mo ng tulong upang makakuha ng utos pamproteksiyon, maari kang tumawag sa "victim advocacy program," tanggapan o sangay ng tagapagpatupad ng batas at/ o tanggapan o sangay ng taga-usig. Ang mga ito ay maaaring nakasulat sa likod ng libritong ito.

* Ang Mga Tanggapan o Sangay ng Taga-usig ay nandiriyan Upang Tumulong

Kung ang taong gumamit ng dahas ay naisakdal, at nais mong malaman ang kahihinatnan ng kaso, maaari mong tawagan o puntahan ang pinakamalapit na opisina ng "District Attorney o Municipal Prosecutor." Sila ay maaaring may naitalagang tagapangasiwa para sa mga biktima o mga saksi na maaaring makatulong sa iyo sa haba ng panahon o tagal ng kaso.

*Lupon ng Bayaran Sa Mga Mararahas Na Krimen

Ang Estado ng Alaska ay may Lupon ng Bayaran sa mga marahas na krimen na maaaring magbayad sa mga biktimang nagtamo ng pisikal o emosyonal na kapansanan o damdamin dahil sa marahas na krimen.

Ang nasabing kabayaran ay maaaring ang pagbayad sa pagpapagamot sa iyong mga natamong sugat, pagkunsulta at pagpunta sa isang tagapayo, sahod o kita mong nawala dahil sa mga sugat na natamo at marami pang iba. Maari mong malaman kung paano mag-aplay sa pamamagitan ng pagkikipag-ugnay sa sulat man o sa telepono sa Lupon sa:

Violent Crimes Compensation Board
P.O. Box 11120
Juneau, Alaska 99811-1200

sa telepono: 1(800) 764-3040

o tumawag ng collect: 1 (907) 465-3040

Ang Programang Karahasang Pantahanan ay Nakahandang Tumulong

Tawagan ang ahensiyang nakatala sa likod nitong librito. (Kung ang ahensiya ay hindi nakatala, maaari kang tumawag sa pinakamalapit na ahensiya ng tagapagpatupad ng batas at kunin ang pangalan at numero ng telepono para sa inyong lugar o purok. Isa sa mga tagatangkilik o tagapayo ng palatuntunan ay maaaring magbigay ng numero ng telepono ng mga sumusunod:

[ ] Ligtas na kanlungan

[ ] Kaalamang alinsunod sa batas

[ ] Tulong upang masagot ang mga katanungang nasa papel upang humiling ng utos pamproteksiyon

[ ] Mga aklat at panoorin tungkol sa karahasang pantahanan, panggagahasa o kalapastanganan at pangaabuso sa mga bata.

[ ] Bukas na linya o teleponong matatawagan sa loob ng 24 oras upang makahingi ng tulong o payo

[ ] Sasakyan upang makatungo sa kanlungan

[ ] Paraan upang makontak ang ibang mapagkukuhanan ng tulong sa mula sa bayan o komunidad tulad ng:

*tirahan

*serbisyong panlipunan

*edukasyon

*pagpapayo

*lunas sa suliraning droga at alak

*pag-aalaga sa bata

*hanap-buhay/trabaho

*pagpapagamot

[ ] Isang taong makakasama mo sa pagtungo sa hukuman o ospital

[ ] Tulong sa mga kakailanganing papeles na ipadadala sa Violent Crime Compensation upang makakuha ng kabayaran

[ ] mga damit at gamit pantahanan

Pagkakatiwalaan ng Kompidensiyal na Impormasyon

Ang Alaska ay may batas kompidensiyal upang maprotektahan ang iyong pagtitiwala, kung ikaw ay magpapasiyang humingi ng serbisyo sa programa ng karahasang pantahanan o asuntong sekswal. Ang mga programang ito ay mahigpit na sinusunod ang alituntuning kompidensiyal o prinsipiyo ng pagtitiwala. Pinoprotektahan ng batas sa Alaska ang pag-uusap na namamagitan sa mga biktima ng karahasang pantahanan at asultong sekswal at mga advocates o tagapagtaguyod, maliban sa limitadong pagkakataon.

Ano Ang Tagapagtaguyod o Tagapayo

Ang tagapagtaguyod o tagapayo (advocate) ay isang tao na makikinig at hindi manghuhusga. Ang mga tagapagtaguyod o tagapayo (advocate) ay walang pinapanigan, hindi nag-iimbestiga, hindi tumutulong sa mga pag-iimbistiga, hindi rin gumagawa ng tasahan o tinatasahan ang mga panig na naturing o nakasali, o dili kaya ay sumasaksi sa harap ng hukuman. Ang mga tagapagtaguyod o tagapayo (advocates) ay nag-aalay ng suporta at maaaring tumulong sa mga iba't-ibang bagay na nakatala sa mga pahinang nabanggit sa una. Ang layunin ng tagapagtaguyod o tagapayo(advocate) ay pinalalakas ang kalooban ng biktima upang magkaroon ng pansariling kakayanan at magbigay ng mga kaalaman na makakatulong sa mga biktima. Gayon din, ang tagapayo (advocate) ay magsasalita lamang o mangangatawan para sa biktima kung hihilingin at pag-sasabihan ng nasabing biktima.

Utos Pag-aresto

Kapag nakarating sa kaalaman ng pulis na may nagaganap na karahasan pantahanan, sila ay may katungkulang mag-imbestiga o mag-usisa. Ang mga pulis/troopers ay dapat hulihin o arestuhin ang sino man, kapag may katibayan o katunayan na nangyari ang karahasan, at ang gumawa nito ay nakilala at nahanap sa loob ng labindalawang (12) oras mula ng ito ay mangyari. Pagkatapos ng 12 oras, ang mga pulis/troopers ay maaaring hulihin o arestuhin ang gumawa ng karahasan o kapusukan mayruon man o walang hawak na warrant (utos mula sa hukuman). Kasama sa ebidensiya ang iyong pahayag, pahayag ng iba, mga pinsala, pagkawasak ng iyong ari-arian, at marami pang iba. Katungkulan ng ahensiya ng munisipyo o estado na magsakdal. Kung may hinalang may krimeng nangyari, ang mga pulis at taga-usig lamang ang maaaring gumawa ng kapasiyahan sa paghuhuli o pag-aaresto, hindi ang biktima.

Ikaw Ay Makakatulong Na Ipagtanggol Ang Sarili

[ ] Makipag-usap sa isang kaibigan o kamag-anak na mapag-kakatiwalaan.

[ ] Hanapin o alamin kung ano at kung saan naroroon ang mga kanlungan

o ligtas na lugar BAGO mo ito kailanganin

[ ] Pakunan mo ng larawan o litrato ang mga sugat o kapinsalaan mo; maaari mo itong (ang larawan/litrato) magamit sa kalaunan.

[ ] Kausapin ang kapitbahay upang magkaroon kayo ng senyas na magagamit kung kakailanganin mo ng tulong, at hilingin sa kapitbahay na tawagan ang pulis kung may maririnig na ingay na kahinahinala na nanggagaling sa iyong tahanan.

[ ] Itago ang pera; mga mahahalagang papeles, damit, susi ng sasakyan (auto) at iba pang kakailanganing bagay sa isang ligtas na lugar.

[ ] Turuan ang iyong mga anak sa paggamit ng telepono o radyo upang maabot o makontak ang pulis sa oras ng kagipitan.

[ ] Tumawag sa pulis kapag ligtas ka na at maaari kang kumuha ng utos pamproteksiyon mula sa hukuman.

[ ] Makipagtagpo sa tagapagtaguyod (advocate) ng isang kanlungan o iba pang programang hinubog o itinatag na makakatulong, o makipagkita sa isang kaibigan at gumawa ng pangkaligtasang balak o plano. Sanayin mo ang iyong mga anak sa balak o planong ito.

Alamin na ang Kalapastanganan O Pagsasamantala ay Hindi Mo Kasalanan

[ ] Alamin na wala kang ginawa upang maging sanhi o pinagmulan ng paglalapastangan o pagsasamantala

[ ] Alamin na walang sino man ang may karapatang ikaw ay lapastanganin o pagsamantalahan

[ ] Alamin na hindi lamang ikaw ang napipinsala, ang mga batang lumalaki sa mga tahanang may karahasan ay dumaranas ng malalim o matinding kulungkutan, pangamba, takot, mababang pagpapahalaga sa sarili, at damdaming may pagkakasala.

[ ] Alamin na karamihan sa mga batang lumaki sa pagka-abuso at pagka-lapastangan ay natututong gumamit ng dahas o lupit upang supilin ang iba sa pamamagitan ng kapangyarihan at lakas. Pinababayaan ng dahas na magpatuloy ang suliranin, at ang kalupitan o dahas ay tumitindi habang nagtatagal.

[ ] Alamin na ang relasyong nakasalig sa takot, pangangailangan, kapangyarihan, at pagsusugpo ay mapagsamantala o mapang-abuso.

[ ] Alamin na nauunawaan ka ng iba kung bakit ninanais mong manatili at ang paglisan ay hindi madaling gawin.

[ ] Alamin na maari kang maghintay at umasang ito ay magbabago at mapalagay sa panganib, subalit dapat mong malaman na ang pagsasamantala o pangaabuso ay lalong l sasama, lalong titindi, at lalong dadalas. Kahit putulin o tapusin mo na ang inyong relasyon, hindi pa rin ito sapat upang mabigyan ka ng proteksiyon mula sa panganib ng walang suporta sa iba. Kailangan mong humingi ng tulong.

Ang libritong ito ay binuo upang ipaalam sa mga biktima, gayun din upang palawakin ang kaalaman o kamalayan, ng sa gayon lahat ng mamamayan ay maaaring tumulong upang ito ay mahinto, mahadlangan at/o mabawasan ang epekto ng karahasan. Ito ay naging posible sa pamamagitan ng tulong mula sa pondo ng pederal na gobyerno at sa pagsisikap o pagpupunyagi ng lupong itinatag ni Gobernador Tony Knowles ang "Violence Against Women Act Implementation Planning Committee."

Ang mga kasapi ng tagapagpatupad ng batas, ang sistema ng hukuman, taga-usig, at adbokasya o tagapagtanggol ng mga biktima sa buong Alaska ay nagkontribusyon at tumulong sa pagsulat nito at nagpapatuloy sa mga gawaing makakaalis ng karahasan sa ating mga tahanan.

Para sa karagdagang kopya, tumawag lamang kay Katherine TePas, State of Alaska Domestic Violence Program Coordinator sa (907) 269-5412.